


# Paghahanda para sa Small Claims Court

## Saan gagawin ang pagdinig ng aking small claims?

Ang petsa, oras, at lugar ng iyong pagdinig ay nakalista sa form SC-100.

### Dumating nang mas maaga ng 15 minuto sa korte.

Bago ka pumasok, hanapin ang iyong kaso sa kalendaryo sa labas ng silid ng korte. (Kung hindi mo makita ang iyong kaso sa kalendaryo, sabihin sa klerk.) Magpalista sa klerk at umupo. Huwag umalis sa silid ng korte o maaari mong ipatalo ang iyong kaso kung wala ka doon kapag ikaw ay tinawag.



## Maaari ba akong kumuha ng abogado upang magsalita para sa akin?

Hindi. Hindi ka maaaring magkaroon ng abogado sa Small Claims Court.

## Maaari ko bang ipagpaliban ang pagdinig?

Sagutin at magharap ng pormas SC-110 upang hilingin sa Korte na *ipagpatuloy* (ipagpaliban) ang iyong pagdinig. Dapat mong iharap ang iyong kahilingan upang ipagpaliban nang hindi kukulangin sa 10 araw bago dumating ang iyong nakatakdang pagdinig. Kakailanganin mong magbayad ng \$10. At, ikaw ay dapat may mabuting dahilan upang magpaliban, kagaya ng:

- Emerhensiyang medikal
- Kamatayan sa pamilya
- Pagiging hurado
- Karagdagang panahon upang makahanap ng tagasalin

Kung pumapayag ang huwes na ipagpaliban, ang klerk ay magpapakoreo sa iyo ng pormas na kasama ang bagong petsa at oras.

**Importante!** Maging handa sa orihinal na petsa sa pagkakataon na magdedesisyun ang huwes na hindi ipagpaliban ang iyong pagdinig.

## Ano ang mangyayari sa aking pagdinig?

Tatawagin ang klerk ang lahat ng mga pangalan ng kaso upang tingnan kung sino ang naroroon. Pagkatapos, ikaw ay manunumpa na nangangakong magsabi ng katotohanan. Pumunta sa mesa sa harap ng huwes kung ang iyong kaso ay tinawag. Ang nagdedemanda ang unang magsasalita.

## Paano kung ako ay hindi nagsasalita ng Ingles?

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, magsama ng isang tao upang magsalin para sa iyo. Papayagan ka ng Korte na ipagpaliban ang iyong pagdinig nang *minsán* kung kailangan mo ng karagdagang panahon upang humanap ng tagasalin. Kung mayroon kang bayad sa pagpapaubaya, bibigyan ka ng korte ng tagasalin. Dapat mong ipaalam sa klerk na kailangan mo ng tagasalin sa unang pagkakataon na iharap mo ang iyong mga papel.

## Paano ko sasabihin sa huwes ang tungkol sa aking kaso?

Sumulat ng buod ng mga impormasyon ng katotohanan at ebidensiya na sumusuporta sa iyong kaso. Magsanay sa pagsasabi nito. Kung ikaw ay kakabahan sa pagdinig, basahin mo na lamang ang iyong buod.

Maaari ka ring magdala ng mga dokumento, retrato, o testigo na sumusuporta sa iyong kaso.

Palaging makipag-usap sa huwes. Huwag makisabid. Manatiling kalmado. Kung hindi mo maintindihan ang tanong, hilingin sa huwes na ipaliwanag ito. Maging magalang at magsabi ng totoo.

## Kailangan ko bang ipaliwanag ang halaga ng aking claim?

Oo. Kung ikaw ang nagdedemanda, isulat kung paano mo kinalkula ang halaga. Magdala ng ekstrang kopya para sa huwes.

Kung ikaw ay nakademanda, at sa iyong palagay ang nagdedemanda ay humihingi ng napakataas, maging handang magpaliwanag kung bakit sa huwes.

## Maaari ko bang hingin ang kabilang partido na bayaran ang aking mga gastos sa korte?

Oo. Kung ikaw ay manalo, maaari mong hingin sa huwes na iutos ang kabilang partido na bayaran ang iyong mga gastos sa korte, katulad ng babayaran sa pagharap ng kaso, mga babayaran para sa serbisyo o mga testigo. Dalhin ang iyong mga resibo sa pagdinig at ipakita ang mga ito sa huwes.

## Paano kung hindi ako pupunta sa pagdinig?

Kung ikaw ang *nakademanda* (ang taong isinasakdal) at nakatanggap ka ng angkop na notisya ngunit hindi ka nagpunta sa pagdinig, pakikinggan pa rin ng huwes ang kaso.

Kung ikaw ang *nagdedemanda* (ang taong nagsasakdal) at hindi ka pumunta, maaaring gawin ng huwes ang:

- Itakda uli ang pagdinig,
- Ipapawalang-saysay ang kaso, o
- Magdesisyun pabor sa nakademanda (tinatawag na *paghatol dahil sa hindi pagsipot*).

## Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagdinig?

Ang huwes ay gagawa ng desisyon (tinatawag na *hatol*) sa iyong kaso. Ito ay ipapakoreo sa iyo sa loob ng 2-4 na linggo. Kung hindi mo matanggap ang desisyon ng huwes sa loob ng 4 na linggo, tawagan ang klerk.

## Saan ako makahingi ng tulong?

Pumunta sa ACCESS Center.

Ang aming iskedyul ay:

**Lunes – Huwebes:** 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali  
1:30 ng hapon – 4:00 ng hapon  
**Biyernes:** 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali



**ACCESS**

## San Francisco Superior Court

575 Polk Street  
Room 001  
San Francisco, CA  
94102-4514

415.551.5880  
access@sftc.org